# *TALASTAS KO*

Tunay na mga tao tayo na binigyan ng pribilehiyo na makadako rito sa umagang ito, na manatiling buhay sa lupa, para masaksihan itong isa na namang dakilang panahon ng Pasko ng Pagkabuhay. Lagi pong nagdadala sa atin ang Pasko ng Pagkabuhay ng—ng maluwalhating bagay, mga bagong pag-asa. At—at grabe pong kadakila!

2 At nung pagpasok ko sa may silid nitong umaga, may sumalubong sa akin at ang sabi, "Kapatid na Branham, alam mo ba 'yung—'yung munting sanggol, o munting bata o paslit, na ipinanalangin sa Chautauqua noong nakaraang taon, na ooperahan sana't tatanggalin ang puso niya, at lalagyan ng mga balbula o kung ano roon." Sabi, "Ang bata nga'y pinagaling, at narito siya ngayon sa gusali sa umagang ito, sa katunayan, haya't nakaupo rito sa umagang ito." Kaya napaka inam po, maririnig natin ang munting patotoo tungkol dun marahil bago tayo magsimula sa isa pang gawain maya-maya. At sadya ngang mga tao tayo na nagagalak.

3 Ngayon hinihiling ko si Kapatid na Neville na kung maaari'y pangunahan niya ang pagbabasa sa Kasulatan sa Mateo o sa Lucas, isa riyan, tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, kung hindi pa nakakapagbasa. Nakapagbasa na po ba, kapatid? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Hindi pa."—Pat.] Sige, habang naghahanda tayo sa pananalangin.

4 At ngayon kasunod ng gawain na ito, magkakaroon ng gawain ng pagpapagaling. Pagkatapos ng gawain na ito, kayo po'y mag-almusal muna. Tapos, pagkatapos n'yan, babalik po tayo nang alas nuwebe y media at magpapasimula ng panibagong gawain. At pagkatapos susundan 'yan ng gawain ng pagpapagaling. At pagkatapos susundan ng mga gawain sa pagbabautismo.

5 At napaka inam na panahon nga para sa pagbabautismo! Oh, ang ganda! Ang pagkabuhay na mag-uli! Yan ang dahilan kung kaya't binabautismuhan tayo, dahil Siya'y ibinangong mag-uli.

6 Naaalala ko noon bago tayo magkaroon ng dako ng pagbabautismo rito, dito ko sila lagi dinadala noon sa may ilog, maaga't, malamig at tila nagyeyelo sa ginaw na mga umaga, at binabautismuhan ang mga tao doon sa may ilog. May bagay nga ukol dun, na sadyang, ito nga'y banal na panahon. Ang Pasko ng Pagkabuhay, ito nga'y dakilang panahon.

Tinitingnan ko po si Kapatid na Pat Tyler na nakaupo rito.

7 May kausap ako kagabi, na, dun sa huli naming pagtitipon sa Oklahoma, sinusubukan ko, sinisikap ko ngayon (at iaanunsyo ko po ito) na tumabi muna hanggang sa tawagin ako ng Diyos

para gawin ito, itong dati kong pagmiministeryo ng espirituwal na pagkilala, dahil namamalayan ko (simula na) na itong—itong bagong pagmiministeryo ay paparating na.

8 Nung isang gabi, nang walang sinuman ang may nalalaman tungkol dito, sinubukan ko 'yun sa isang kabataan na sumampa rito sa entablado, ipinanganak siyang bulag, isang kabataan po; at ganap na bulag mismo, mga labing-anim na taong gulang na binatilyo. At bigla-bigla na lang siyang napasigaw, "Kapatid na Branham, nakakakita na ako!" At doon, at si Pat nga'y. . . si Ty-. . .nakatayo siya sa tabi, katabi mismo nung binatilyong ito, nung ang mga mata ng binatilyo'y namulat na pinaka unang pagkakataon sa buong buhay niya. At kaya nagtitiwala ako na kayo na mga narito, nang may matinding pananabik, kasama ko, haya't ako man ay may bagay na hinihintay, na bagay na gagawin ng Diyos para sa atin, na haya't dadalhin tayo sa mas mataas na baitang kumpara sa kung ano ang mayroon tayo ngayon.

Sige't iyuko na natin ang ating mga ulo para sa pananalangin.

9 Aming Mapagbiyayang Makalangit na Ama, habang kami po'y nagkakatipun-tipon sa umagang ito, dito sa munting iglesya sa tabi ng kalsada, kami po'y lubos na nagpapasalamat sa Iyo, dahil ito ay puno ng kahulugan para sa amin, at lalong-lalo na sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay. Kung walang Pasko ng Pagkabuhay, wala po sana kami sa kalagayang ito na tinatamasa namin ngayon. Na, ang Pagkabuhay na 'yan ang nagtatak sa lahat ng mga pangako ng Diyos. Pinagtibay nito ang lahat ng ito sa amin. Lahat mismo ng ipinangako Niya, lahat ng ito'y pinaging realidad sa Pasko na ito ng Pagkabuhay. Isa sa pinaka dakilang araw ng pagdiriwang na mayroon kami sa buong taon! At mangyari po na hinihiling namin, Panginoon, sa araw na ito, na Iyong aliwin ang aming mga puso habang kami'y nakaupo rito, nakaantabay, at may pananabik para sa Espiritu Santo, Na dumating pagkatapos ng Pasko ng Pagkabuhay, na dumako sa aming mga puso at kami'y aliwin, at ipanumbalik ang aming pananampalataya, nang may dakila't makapangyarihang mga sukat, nang sa gayon makalakad kami sa buhay na itinalaga para sa amin ni Jesus na aming lakaran.

10 Kami po'y mananalangin sa bawat isa at bawat indibiduwal, at lalong-lalo na sa kanila na mga di-makalabas at hindi makadako sa mga gawain kung saan man sa araw na ito. Diyos, Ikaw nga po'y sumama sa kanila. At nawa—nawa ang Pasko ng Pagkabuhay na ito'y makasumpong ng isang tunay na Pasko ng Pagkabuhay para sa kanila, isang pagtayo mula sa kinararatayan, at isang bagong kalusugan na hindi pa nila nararanasan dati sa buhay. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

11 Nawa ang bawat mangangaral, bawat lingkod na mayroon Ka sa palibot ng mundo ngayong araw na ito, na ipinagdidiwang

ang dakilang paggugunita na ito, nawa sila'y magkamit ng kasiglahan at kalakasan at Kapangyarihan, para maghatid sa kanilang mga kongregasyon (ang mga tupa na naghihintay) ng Pagkain na inimbak ng Diyos para sa Kanyang mga hirang. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Kami po'y naghihintay para sa aming bahagi, nang may pagpapakumbaba, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

12 Sige't hinihiling ko kay Kapatid na Neville na basahin ngayon ang mga Kasulatan patungkol sa pagkabuhay na mag-uli.

[Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Mateo 28:"—Pat.]

[*Nang magtatapos ang araw ng sabbath, nang nagbubukang liwayway na ang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon si Maria Magdalena at ang isa pang Maria upang tingnan ang libingan.*]

[*At narito, lumindol ng malakas: sapagka't bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon, at naparoon at iginulong ang bato, at nakaupo sa ibabaw nito.*]

[*Ang kaniyang anyo ay tulad sa kidlat, at ang kaniyang pananamit ay maputing parang niebe:*]

[*At sa takot sa kaniya'y nagsipanginig ang mga bantay, at nangaging tulad sa mga taong patay.*]

[*At sumagot ang anghel at sinabi sa mga babae, Huwag kayong mangatakot: sapagka't nalalaman ko na inyong hinahanap si Jesus na ipinako sa krus.*]

[*Siya'y wala rito: sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya. Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang dakong kinalagyan ng Panginoon.*]

[*At magsiyaon kayong madali, at sa kaniyang mga alagad ay sabihin ninyo na Siya'y nagbangon sa mga patay; at, narito, siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea; doon makikita ninyo siya: narito, nasabi ko na sa inyo.*]

[*At sila'y nagsialis na madali sa libingan na taglay ang takot at ang malaking galak; at nagsitakbo upang ibalita sa kaniyang mga alagad.*]

[*At habang papalapit sila upang sabihin sa mga alagad, narito, sila'y sinalubong ni Jesus na nagsasabi, Mangagalak kayo. At sila'y nagsilapit at niyakap ang kaniyang mga paa, at siya'y sinamba.*]

[*Nang magkagayo'y sinabi sa kanila ni Jesus, Huwag kayong mangatakot: magsiyaon kayo at sabihin ninyo sa aking mga kapatid na magsiparoon sa Galilea, at doo'y makikita nila ako.*]

[*Samantala ngang sila'y nagsisiparoon, narito, ang ilan sa mga bantay ay nagsiparoon sa bayan, at ibinalita sa mga pangulong saserdote ang lahat ng mga bagay na nangyari.*]

[*At nang sila'y mangakipagkatipon na sa matatanda, at makapagsanggunian na, ay nangagbigay sila ng maraming salapi sa mga kawal,*]

[*Na nangagsasabi, Sabihin ninyo, Nagsiparito nang gabi ang kaniyang mga alagad, at siya'y kanilang ninakaw samantalang kami'y nangatutulog.*]

[*At kung ito'y dumating sa tainga ng gobernador, ay siya'y aming hihikayatin, at ika'y aming ilalagay sa panatag.*]

[*Kaya't kinuha nila ang salapi, at kanilang ginawa alinsunod sa pagkaturo sa kanila: at ang pananalitang ito ay kumalat sa gitna ng mga Judio, at nananatili hanggang sa mga araw na ito.*]

[*Datapuwa't nagsiparoon ang labingisang alagad sa Galilea, sa bundok na sa kanila'y itinuro ni Jesus.*]

[*At nang siya'y kanilang makita, ay kanilang sinamba siya: datapuwa't ang ilan ay nangagalinlangan.*]

[*At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin.*]

[*Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:*]

[*Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at, narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Amen.*]

13 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . . idagdag ang Kanyang mga pagpapala sa pagbabasa ng Kanyang Salita.

14 Ngayon sasabihin natin, iaanunsyo lang natin uli, na ang mga gawain, at 'yung para sa umaga, ay magpapatuloy ng alas nuwebe y media, pagkatapos na pagkatapos na tayo po'y mula rito, sa. . . sa pang-umagang gawain na ito ngayon. At heto nga na idinadaos natin itong pagbubukang-liwayway na gawain ngayon. At kami po'y, marami nga kaming mga dakilang bagay na iuulat sa inyo tungkol sa—sa mga nagdaang gawain. At nais namin na kayo na mga may sakit at nagdadalamhati, lahat kayo, na pumarito nang may pananampalataya sa umagang ito, upang makapanampalataya na ang nabuhay na mag-uling Jesus ay nabubuhay mismo ngayon, at Siya po'y sadya ngang siya pa rin kung papaano Siya noon. Hindi Siya nagbago kahit kaunti.

15 Ngayon nais ko lang bumasa ng kaunting bahagi rito ng Kasulatan, na makikita sa ika-19 na kabanata ni Job, simulan natin sa ika-15 talata.

> *Silang nagsisitahan sa* aking *bahay,. . .aking mga lingkod na babae, ay ibinibilang akong manunuluyan: ako'y naging kaiba sa kanilang paningin.*
>
> *Aking tinatawag ang aking lingkod, at hindi* niya *ako sinasagot; bagaman sinasamo ko siya ng aking bibig.*
>
> *Ang aking hininga ay iba sa aking asawa, at ang aking pamanhik sa mga anak ng tunay kong* sa laman.
>
> *Pati, ng mga bata ay humahamak sa akin; kung ako'y bumangon, sila'y nangagsasalita ng laban sa akin.*
>
> *Lahat ng aking mahal na kaibigan ay nangayayamot sa akin: at ang aking minamahal ay nagsipihit ng laban sa akin.*
>
> *Ang aking* buto ay dumidikit *sa aking balat at sa aking laman, at ako'y nakatanan ng sukat sa balat ng aking mga ngipin.*
>
> *Mahabag kayo* sa *akin, mahabag kayo* sa akin, *Oh kayong mga kaibigan ko; sapagka't* kinilos *ako ng kamay ng Dios.*
>
> *Bakit ninyo ako inuusig na gaya ng Dios, at hindi pa kayo nasisiyahan sa akin laman?*
>
> *Oh mangasulat nawa* ngayon ang *aking mga salita! Oh* mangalagda *nawa sa isang aklat!*
>
> *Ng isa nawang panulat na bakal at tingga, na mangaukit nawa sa bato magpakailan man.*
>
> *Nguni't talastas ko . . . na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan:*
>
> *At pagkatapos na . . .* sirain *ng mga uod ang aking balat, gayon ma'y makikita ko ang Dios sa aking laman:*
>
> *Siyang makikita ko ng sarili,. . .mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba. Ang aking puso ay natutunaw sa loob ko.*

16 Nais kong humango ng teksto riyan, na makikita sa Job 19, *Talastas Ko.*

17 Ang patriyarka po nung panahon na ito'y parang kagaya rin natin sa panahon ngayon. Siya'y nasa matinding pagkabahala, gaya nga ng tawag natin dito, "tumatabon na mga baha," at siya'y desperado. Maraming mga araw na nauupo siya roon sa bunton ng abo, at sinusubukan niyang makasumpong ng mga salitang aalo sa kanya, sinusubukan niyang makasumpong ng bagay na makapagbibigay sa kanya ng lakas ng loob, at bagay na—na makapagbibigay kaaliwan sa kanya habang nakikita niya ang buhay niya na nanlalabo mula sa kanya.

18 Unang-una, matanda na siyang lalaki, mga nobenta anyos na, at siya'y nilatayan ng kamay ng Diyos. Ngayon, alam natin na hindi siya sinaling ng Diyos gamit ang Kanyang kamay, bagkus pinahintulutan ng Diyos si Satanas na siya'y salingin. Ang Diyos nga'y may mga ahente para gawin ang mga bagay-bagay. Kung nais ng Diyos na isang kasamaan ang mapangyari, pinakakakawalan Niya si Satanas para gawin 'yun. At kung ang nais naman Niya'y kabutihan ang mapangyari, isinusugo Niya ang Kanyang mga lingkod para gawin 'yun.

19 At sinaling ni Satanas si Job para sa isang layunin, 'yun ay subukin siya, dahil si Satanas at ang Diyos ay nagkaroon ng debate. Haya't sinabi nga ng Diyos kay Satanas na, "May lingkod Ako sa lupa, walang katulad siya. Anumang sabihin Ko sa kanya, gagawin niya. Siya'y sakdal na tao, at isang matuwid na lalaki."

20 Tapos sabi ni Satanas, "Kung ipauubaya Mo siya sa akin, ibubunsod ko na sumpain ka Niya sa Iyong mukha."

21 Si Job, na di nababatid ang lahat ng mga pangyayaring ito, 'yun nga'y nagbunsod ng malalim na pagkabalisa sa patriyarka. Pero, sa kung anong paraan, habang ang lahat-lahat ay naiwaglit mula sa kanya, nagawa pa rin niyang panatilihin ang kanyang posisyon kay—kay Cristo. "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay," sabi pa nga niya.

22 Ngayon humahantong tayo sa ganoong mga kalagayan. Lahat po tayo. At naniniwala ako na ngayong araw, tayo'y nagkakatipon dito para sa isang bagay na tila may ganoon ding layunin. Lahat po tayo'y nakasalampak din sa mga bunton ng abo. Hayan ang ating mga suliranin, at ating mga tagumpay at mga kabiguan, at ating—ating masasamang sandali, at ating mga karamdaman, at mga pighati sa ating puso, at ating mga kabiguan. Kaya dumudulog tayo gaya nito, sa isang umaga na ito, ng umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, upang makasumpong ng mga salita ng kaaliwan, gaya ni Job noon na sumusubok makasumpong mula sa kanyang mga kaibigan.

23 Mangyari lang na wala sa kanila ang makapagbigay sa kanya ng kahit anong kaaliwan. Dahil pa nga sa kanyang sinapit na kabalisaan, inaakusahan nila siya na isang lihim na makasalanan. Pagkatapos, sa gitna ng lahat ng kaguluhan na 'yun, dumating ang Diyos para sagipin siya.

24 Nagtatanong si Job, hindi kasi kaila sa kanya, na di lang dahil sa kanyang karamdaman at kanyang mga bukol, at kabalisaan at kapighatian ng puso, mula sa pagkawala ng kanyang pamilya't lahat ng kayamanan niya, na anupa't pati buhay niya'y maaaring kukunin na rin, mangyari na siya'y isang matanda nang lalaki, na puspos ng mga taon, at mangyari ngang batid niya na siya'y patungo na sa libingan. At, sa pagkabatid nun, naniniwala siya na may nagdala sa kanya sa lupa, dahil di naman puwedeng sumulpot lang siya rito nang sarili niya.

At alam niya na nanggaling siya sa isang tatay at isang nanay, pero, mangyari rin, na ang tatay at nanay na 'yun ay kailangan din na may magdala sa kanila rito. At tumugaygay nga 'yun pabalik sa pinaka orihinal, "Sino ang nagdala sa pinaka una, na isang 'yun?"

25 At nagbulay-bulay siya tungkol dito. "Tila kakatwa na heto ako, lumalakad dito, isang mas mataas na buhay kaysa sa hayop, at mas mataas na buhay kaysa sa buhay ng halaman." Pero sa kabila nun nakita natin na sinabi niya, "Kung mamatay ang punongkahoy, ito'y nabubuhay muli. At kung mamatay ang isang—isang bulaklak, mabubuhay muli ito." Pero sabi niya, "Sa pagkaratay ng tao, nalalagutan siya ng hininga, at saan siya napupunta? At ang mga anak niya'y dumadalaw sa kanya para tumangis at bigyan siya ng parangal, at di niya na ito nalalaman." At pinagtatakahan niya, "Ano kayang mayroon na—na pinahihintulutan ng Diyos na ang buhay na tulad nun ay mabuhay muli, kagaya ng sa mga bulaklak at mga halaman, pero ang isang tao'y hindi nabubuhay muli?" Lahat ng ito'y gumugulo sa kanya.

26 At kung huhugot tayo mula sa konklusyon na ito sa umagang ito. Haya't 'yan ang ipinunta natin. Maraming beses na nating napakinggan ang kuwento ng Pasko ng Pagkabuhay, paulit-ulit na, at nabasa na natin nang pabalik-balik; at ngayong araw, sa mga pagsasahimpapawid n'yo sa radyo, mapapakinggan mo ang iba't ibang mga ministro sa kani-kanilang pagtalakay rito. Pero ang bagay na nasa isip ko, para sa munting grupo ko sa umagang ito, na ibinigay sa akin ng Panginoon, tatalakayin ko ito mula sa ibang anggulo sa abot ng makakaya ko, kukunin ko sa anggulo ng: Bakit tayo humahantong sa mga suliranin na ito? Ano ang nagbubunsod sa mga bagay na ito na dumating? Bakit ang isang Cristiano'y humahantong minsan sa kagulumihanan? Bakit hindi na lang maaari, na lahat ng mga bagay ay perpekto ang takbo para sa isang Cristiano? Hayan nga na hindi, at alam natin 'yan.

27 At kung minsan pa nga'y mas dumarami pa ang mga suliranin sa pagiging Cristiano natin kaysa sa nung tayo'y mga makasalanan pa. Dahil, nasusulat Ito, "Marami ang kadalamhatian ng matutuwid, ngunit inililigtas siya ng Diyos mula sa lahat." Ipinangako ng Diyos ang maraming mga kadalamhatian, mga di-mawaring pakiramdam, at kakatwang mga bagay na higit sa kaya nating arukin ng ating pang-unawa, pero 'yan nga'y laging ipinangyayari para sa ikabubuti natin. Di lang natin 'yun nauunawaan, dahil, kung kaya nating unawain, kung ganoon hindi na 'yun maituturing na pananampalataya sa atin; tutugaygay tayo sa pamamagitan na ng kaunawaan. Pero ginaganap natin, at kinakamit natin, at sumasampalataya tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, Kanyang Salita, na ito'y magdudulot ng bagay na ikabubuti para sa atin. Kung

matatanggap lang sana natin 'yan ngayon, sa—sa umagang ito! Kung matatanggap lang sana natin na lahat ng ating mga suliranin, haya't wala nga ni isa sa atin ang di saklaw nun, at kung mapagtatanto lang natin na lahat ng mga bagay na 'yan ay para sa ikabubuti natin!

28 Nasusulat mismo, sa isa sa mga Kasulatan sa Biblia, na, "Ang mga pagsubok na hatid sa atin, ay mas mahalaga para sa atin kaysa sa ginto mismo, dahil ang Diyos ito na nagbibigay sa atin ng mga pagsubok na ito." Matapos na tayo'y maging pagmamay-ari Niya, ang ating pagtatapat at ang ating bautismo, at ang ating pangako na lumakad sa buhay para sa Kanya, hayan nga na ang bawat pagsubok na dumarating sa atin ay para ipaging sakdal tayo para sa Kanyang kaluwalhatian. Ito'y para dalhin tayo sa isang dako kung saan magagawa ng Diyos na ipaging mas realidad pa ang Kanyang Sarili sa atin kaysa sa nung heto Siya bago dumating ang pagsubok.

29 Nais kong makiisa kay Job sa umagang ito, na sabihin na mahaba-haba na ang tinugaygay ko sa buhay na ito para malaman na 'yan nga'y Katotohanan. Nakita ko mismo 'yan sa sarili kong buhay, na sa tuwing may malaking situwasyon na lumilitaw, na di ko kayang iwasan, o lagpasan sa ilalim man o ibabaw, haya't ang Diyos ay gumagawa ng daan, at ang kinalalabasan ay maluwalhati. Iniisip ko nga kung papaano nagagawa ng Kanyang biyaya ito, pero nagagawa nga Niya.

30 At tandaan n'yo, sa lahat ng mga bagay na ito, sinisikap ni Satanas na takutin tayo, at pasamain ang loob natin, para maisip natin, "Oh, bakit *ito* nangyari? Bakit di na lang ako *ganito*?"

31 Mga ilang araw pa lang ang nakararaan kagagaling ko lang sa isa sa pinaka maganda, at pinaka kabigha-bighaning lugar na nakita ko sa buong buhay ko, 'yun po'y ang gusali ng ating kapatid, na Oral Roberts. Nung makita ko ang solidong marmol na 'yun, haya't walang bintana kung saan dun, anupa't nakalapat 'yun dun! At nakapunta na ako sa Hollywood at nakapunta na ako sa mga palasyo ng mga hari, at nakapunta na ako sa lahat ng lugar kung saan, halos, buong mundo na mismo, at lahat nitong magagarbo, na mga kahali-halinang mga lugar at mga tahanan, pero wala pa akong nakikita na anuman, anumang lugar, na maikukumpara, doon, saan man. Naroon nga na 'yung mumunting mga aluminum na alambre'y habi-habi sa—sa loob nun na sama-sama, at, oh, wala pa akong nakikita na ganoong kaganda masyado sa buong buhay ko. Nung lumakad ako roon, haya't hinawakan ko ng mga kamay ko at hinaplos 'yung mga posteng haligi, at—at 'yung malaking granito; na ang buong pagkakaporma ay yaong trinidad ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, 'yung—'yung pagkakaukit nun. Lahat ng mga bagay na 'yun! Kagagaling ko nga rin sa lugar ni Kapatid na Tommy Osborn, at nakita ko ang kanyang dakila't, makapangyarihang gawa roon para sa Panginoon.

32 Tumayo ako sa labas, nilingon ko ang gusali na 'yun, at sa isip-isip ko, "Diyos, tunay na ako na 'yung naging gaya-gaya, tunay na ako na yaong itinakwil, kung mayroon man; samantalang, ang mga pagmi-ministeryo ng mga kalalakihang ito'y nanggaling mula sa akin." At sa isip-isip ko, "Ano po kaya? Marahil ako'y hindi mapagkakatiwalaan, Panginoon, na hindi Mo ako pinagkatiwalaan ng kung anong bagay na gaya nun. Maging 'yung kakarampot, na kakaunting dolyar na Iyong itinutulot na maipambayad ko para sa mga malalakihang gawain sa labas at mga bagay-bagay, ngayon, sinusubukan nilang gamitin 'yun para madala ako sa kulungan dahil dun. At bakit kaya ako pa ang naging gaya-gaya, o bakit kaya ako isang tao na di pinagkakatiwalaan?"

Ako nga'y tila nakasalampak sa bunton ng abo, gaya ni Job nung lumang panahon.

33 Nung tumayo ako sa labas nun, hindi nga ako halos makahinga, sa karangalan nung lugar; na ang isang dukhang batang lalaki na ipinanganak sa isang lungga, isang Pentecostal, ay magagawa niya't madala ang ganoon sa malaki't malawak na gusaling 'yun. At kaya sa isip-isip ko, "Oh Diyos, marahil hindi ako karapat-dapat."

34 Bigla na lang may isang munting Tinig na dumating mula sa mga pasilyo roon, at ang sabi, "Pero Ako ang iyong bahagi."

35 Tapos naisip ko, "Oh Panginoong Diyos, oh, ibunsod Mo na manatili akong ganito, kung ganoon, Panginoon. Ako... dahil wala nga akong pagka intelihente para maisagawa ang isang malaking gawain na gaya nun para sa Iyo. Haya't ako'y isang—isang taong hindi nakapag-aral. Pero, hangga't Ikaw ang aking bahagi, ako'y sa Iyo, at Iyo po akong pangungunahan. Hindi ko kayang pangunahan ang aking sarili. Kaya naman, Oh Panginoon, ako'y pangunahan Mo!"

36 Yung ganoong mga gipit na sandali ang nagdidiin sa atin sa mga banal na buhanginang 'yun. Naroon 'yun sa Biblia. At alalahanin n'yo, gaano mang kalaki ang pagkabalisa, hinding-hindi makukuha ni Satanas ang inyong buhay hangga't ang Diyos ay tapos na sa inyo. Walang maaaring mangyari sa inyo maliban na ipahintulot ng Diyos. Walang kasamaan ang maaaring makapasok maliban na ipahintulot ng Diyos. At ito'y para sa inyong ikabubuti na Kanyang ginaganap. Isipin n'yo 'yun.

37 Doon noong dumating ang mga baha para puksain ang mundo, hindi nga nun magagawang puksain si Noe. Hindi maaaring mawasak si Noe, dahil ang Diyos ay may gawain para sa kanya na gawin.

38 Isang araw, doon sa isang dakilang bansa na nasa ilalim ng matinding pagkaalipin, naroon noon ang ilang binatilyong Hebreo na kilala natin bilang Sadrach at Mesach at Abednego.

At dumating sa punto kung saan kailangan nilang bumuo ng pasya, bagay na dapat gawin. Sila'y may. . .Ang kanilang—kanilang—kanilang pananampalataya ay sinubok.

39 At kapag ang inyong pananampalataya ay sinusubok, huwag kayong babagsak. Manatili kayo mismo sa bagay na inyong sinasampalatayanan.

40 At mangyari nga na nung ang kanilang pananampalataya'y sinubok (Haya't sumapit sila sa isang mapanganib na oras, hindi lang sila sa isang—isang bunton ng abo tumungo, haya't sa isang nag-aapoy mismo na hurno, pero hindi nga sila kayang puksain ni Satanas, dahil hindi pa natutupad ang layunin ng Diyos.), maaari nga silang tumuloy roon kamit ang pag-asa na ito: "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay!" Magagawa nilang pumasok doon taglay ang pag-asa na ito rito, "Kami'y nakatitiyak na ang Diyos ay may kakayahan na iligtas kami mula sa nag-aapoy na hurnong ito, pero, kaya naman, hindi kami yuyuko sa rebulto na 'yan."

41 Hindi nga sila kayang kunin ni Satanas. Hindi niya nagawang lunurin si Noe sa baha, hanggang sa ang layunin ng Diyos ay matapos. Hindi niya magagawang sunugin ang mga binatilyong Hebreo, hanggang sa ang layunin ng Diyos ay matapos. Hindi maaaring patayin ni Satanas si Job sa pamamagitan ng mga bukol at mga problema, hanggang sa ang layunin ng Diyos ay matapos. Ni ang mga leon ay di maaaring kainin si Daniel, hanggang sa ang layunin ng Diyos ay matapos. Maski ang kamatayan at katandaan ay di kayang makuha si Abraham, hanggang sa ang layunin ng Diyos ay matapos.

42 At maski kayo ay di magagawang kunin, o ito nga'y kukunin ako, hanggang sa ang layunin ng Diyos, sa ating buhay, ay matapos na. Kaya, ang nalilikom natin doon, ay kaaliwan.

43 At bakit nga ba pinahihintulutan ng Diyos na ang mga suliranin ay dumating? Tinatalian nga ng Diyos ang suliranin, binubusalan ng kabisada ang bibig nito at ibinubunsod ito na sumunod sa Kanya, at ang mga suliranin na 'yun ang nagdadala sa atin nang mas malapit sa pakikipagbuklod sa Diyos.

44 Wala ngang bahaghari noon hanggang sa ang baha'y dumating. Pero matapos nga na si Noe ay magipit sa kondisyon na kinalagyan niya, na magpalutang-lutang nang apatnapung araw at gabi, sa bagyo, at sa munting daong na 'yun na inaalon taas-baba sa tubig; mangyari nga na pagkatapos na huminto na ng baha, saka niya natanaw ang bahaghari sa pinaka unang pagkakataon, ang tipan ng pag-asa, ang tipan ng pangako. Matapos niyang dumaan sa kapighatian na 'yun, pagkatapos nga'y nakita niya ang pangako.

45 Sa ganyang paraan n'yo nga makikita ang pangako, matapos na dumaan kayo sa kapighatian. Gustung-gusto ko nga ang tula na 'yun, o, salmo:

Ako ba'y dadalhin na lang sa tahanan sa Kalangitan
Sa mabulaklaking higaan ng kaalwanan,
Samantalang ang iba'y nagbata para pagtagumpayan ang gantimpala
At naglayag sa kalawakan ng duguang karagatan?

46 Humihingi tayo ng kaaliwan at kapayapaan. Ang ibinigay sa atin ng Diyos ay ang mainam Niyang maibibigay sa atin: mga pagsubok at mga kapighatian. Yan nga'y mas mainam kaysa sa kaaliwan at kapayapaan. Ang atin ngang kaaliwan ay naroon lamang sa kabilang ibayo ng ilog.

47 Doon nga noong ang mga binatilyong Hebreo'y pinuwersa na magtungo roon sa nag-aapoy na hurno, sa isa sa pinaka namumukod-tangi nilang pagsubok, na nakita nila ang Isa na gaya sa Anak ng Diyos na nakatayo sa piling nila. Ibinunsod nung kagipitan nila ang Anak ng Diyos na tumayo sa kalagitnaan nila, sa may simoy ng hangin, para paypayin palayo ang matinding init. Pero hindi nga't hanggang sa sila mismo'y sumuong dun sa apoy na ang Tagapagbigay-kaaliwan ay nagpakita.

48 Hayan din si Daniel na naglayon sa puso niya na hindi niya dudungisan ang kanyang sarili sa mga bagay ng sanlibutan, at pinuwersa mismo na sumuong sa isang pagsubok, kung siya ba'y mananalangin sa Diyos o madadako sa kulungan ng mga leon. Pero doon nga sa pagkatapos ng kasagsagan ng gusot, at siya'y pinatapon sa kulungan ng mga leon, na, pagkatapos nun, nakita niya ang Anghel ng Panginoon na nakatayo sa piling niya, inilalayo, sa pamamagitan ng Haliging Apoy na 'yun na naroon sa pagitan niya at ng mga leon. At hindi nga siya kayang lapitan ng mga leon, dahil siya'y dumaan mismo sa mga pagsubok at mga pambubuyo at mga panggugulo. At alam niya na ang kanyang Diyos ay may kakayahan na iligtas siya mula roon.

49 Hayan din si Abraham, matapos na makita niya ang lupa na maging tigang, at ang tagtuyot ay dumating, haya't si Lot ay humiwalay at nagtungo para mabuhay nang masarap sa mundo, doon nga pagkatapos na marinig niya ang mga daing at mga hibik ng—ng kanyang mga tagapagpastol, habang wala nang damo para sa kanyang bakahan, pero nanatili siya roon sa lupain na ibinigay sa kanya ng Diyos at nagsaysay sa kanya na doon ay manirahan. At doon nga sa araw na 'yun, matapos na siya'y masubok hanggang sa ang kanyang—kanyang pasensya'y abot-dulo na, hayan nga't doon sa araw na 'yun, pagkatapos na matapos na ang pagsubok, nakipag-usap siya ng mukhaan kay Elohim sa ilalim ng puno ng encina nung araw na 'yun. Matapos nga na danasin niya ang mga pagsubok sa kanya, matapos na pagdaanan niya ang mga kahirapan na kanyang sinuong, ay haya't ang Diyos ay nagpakita sa kanya sa anyo ng isang Tao; at

naupo roon at sinabi sa kanya na siya'y kasal at ang pangalan ng asawa niya'y Sarah, at sinabi pa na ang asawang ito'y tinawanan Siya, sa loob ng tolda sa likod. Doon nga sa sandali na 'yun tinawag Siya ni Abraham na "Elohim." Matapos nga ang mga pagsubok at kapighatian.

50 Oh, kung magagawa lang ng Iglesya na gisingin ang Kanyang Sarili sa sandaling ito, upang masumpungan na pagkatapos ng mga suliranin at mga pagsubok, at ang matawanan at malibak, mga bagay na ito na pinagdaanan ng Iglesya, ng Pentecostal na Iglesya, na makikita natin ang Diyos sa kalagitnaan natin, na nagpapamalas ng dakilang mga tanda, at mga kababalaghan.

> Matapos ang paghihirap at panahon ng kaligaligan,
> Matapos na ang lahat ng ito'y lumipas,
> Haya't makikita na natin si Jesus sa wakas.
>
> Kanyang hihintayin ako, Ni Jesus na mabuti at totoo,
> Sa Kanyang marilag na Luklukan, Sasalubungin Niya tayo sa Tahanan
> Pagka ang araw na ito'y matapos na.

Habang may araw pa, tayo nga'y magtrabaho.

51 Lahat ng tungkol sa mga dakilang tauhan na ito, na gugugol ng maraming oras ng umagang gawain natin, kung iisa-isahin natin. Sila'y sumuong sa mga pagsubok, at nakita ang Diyos. Sila'y sumuong mismo sa mga pagsubok, at nakita ang mga Anghel. Pinagdaanan nila itong mga pagsubok; at ang mga kapahayagan, at nakita mismo ang mga tanda't mga kababalaghan, at ganoong mga bagay.

52 Pero, oh, wala ni isa sa kanila ang nakakita sa nakita ni Job. Lahat ng mga tauhan na ito, matapos nilang makita ang mga Anghel, at makita ang Diyos at lahat ng mga bagay na ito, wala silang nakita na kung anong bagay na magbibigay sa kanila ng pag-asa lampas sa libingan. Pero nakita ni Job ang pagkabuhay na mag-uli! Nakita niya ang Pasko ng Pagkabuhay. Nakita niya ang mismong bagay na mag-aaliw sa bawat puso. Pagkatapos nung makita niya, "Oh haya't ang aking mga salita'y mangalagda sa isang aklat! Oh haya't ang mga ito'y maukit gamit ang panulat na bakal, sa bato!"

53 Kita n'yo, hayan, lahat nga'y tumalikod laban sa kanya. Siya, maging ang mga naglilingkod sa kanya'y hindi siya iniimik. Ang asawa niyang babae'y dumistansya na. Hayun nga siya na nakaupo roon, sa ibabaw ng bunton ng abo, sa mabigat na pagsubok na 'yun. At ang iglesya nga'y bumisita, at tinalikuran naman siya, nang pitong araw. Haya't wala ni isa ang umaliw sa kanya!

54 Pagkatapos ay nakita niya ang pangitain ng Pagkabuhay, nung mapasigaw siya, "Talastas ko na ang Manunubos ko'y

nabubuhay, at sa huling mga araw Siya'y tatayo sa lupa. Talastas ko! Oh haya't ang aking mga salita'y isinulat ng bakal na panulat, sa isang bato, nang sa gayon ang aking mga salita ay di kailanman kukupas, sapagkat talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay! Talastas ko! Talastas ko!"

55 Ano ang talastas mo, Job? "Talastas ko na ang Manunubos ko'y nabubuhay." Napansin n'yo ba, hindi lang basta kung Sino na nabubuhay, kundi Siya'y Manunubos kay Job!

56 Oh, mapagpala ang Pangalan ng Panginoon! Galak na galak ako na bahagi ako ng Pasko ng Pagkabuhay, na ako'y bahagi ng pagkabuhay na mag-uli! At bahagi nga tayo sa umagang ito, dahil sa kaibuturan natin nananahan ang pagkabuhay na mag-uling Buhay (anupa't, kabahagi) na nagdala sa Pagkabuhay. "Talastas ko na ang aking Manunubos. . . " Ano ang talastas mo? Hindi ko ito hinuhulaan; napakarami na nating hula-hula sa panahon ngayon. "Talastas ko na ang Manunubos ko'y nabubuhay!" Siyanga, po.

57 Ngayon ano Siya? Kung Siya'y nabubuhay, Siya'y isang Manunubos kay Job. "Aking," personal, *aking*, "aking Manunubos ay nabubuhay!"

58 At ano pang talastas mo, Job? Ano pa ang nakita mo sa pangitain na 'yun? "At sa huling mga araw, Siya'y tatayo sa lupa. At gayong sirain ng mga uod ang katawan kong ito, gayon man sa aking laman ay makikita ko ang Diyos, Na ako mismo ang makakakita. Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay, at tatayo Siya sa huling mga araw sa ibabaw ng lupa. Gayong matunaw man ang kaloob-looban ko, gayong sirain ng mga uod ang aking katawan, gayon man sa aking laman ay makikita ko ang Diyos." Hayun nga roon ang pinaka dakilang pangitain.

59 Ang nakita ni Daniel ay isang Anghel. Ang nakita ng mga binatilyong Hebreo ay ang Anak ng Diyos. Ang nakita ni Noe ay ang bahaghari. Nakita ni Abraham ang Diyos, nang harap-harapan. Pero, si Job nga'y nakita niya ang pagkabuhay na mag-uli, Mas nakita ni Job ang hinaharap. Lahat ng mga patriyarka't dakilang mga banal, ng Biblia, sila'y nakatuon sa araw na 'yun; na may katiyakan, sa pamamagitan ng kanilang mga pangitain, sa pamamagitan ng kanilang mga kapahayagan, na magkakaroon ng isang panahon ng pagkabuhay na mag-uli.

60 Ngayon nakikita natin mismo ang dakilang mga gawa na nagpapatuloy. Nakikita natin ang dakilang mga kapangyarihan ng Diyos. Nakikita natin ang dakilang mga bagay na nagagawa Niya. Hindi ka nga puwedeng tumingin sa araw at—at mapagkilanlan na hindi 'yun ang Kapangyarihan ng Diyos na nagpapaikot sa mundo sa palibot ng araw na 'yun. Hindi n'yo nga maaaring masdan ang panahon ng tagsibol nang walang pagkakakilanlan na may isang Diyos. Sa pagkakita n'yo sa

pagpapagaling sa mga bulag na mata, mga binging tainga, haya't mapagkikilala n'yo na 'yun ay Diyos. Pero ano na lang kaya kung hanggang dun na lang 'yun, at pagkatapos nating mamatay ay maglalaho na tayo? Pero ang pagkabuhay na mag-uli, ang Pasko ng Pagkabuhay, oh, 'yan mismo ang nagselyo sa lahat na ipinangako ng Diyos kailanman, ang pagkabuhay ngang mag-uli.

61 At kailangan nila nang may pagpapapako sa krus, bago ka magtamo ng pagkabuhay na mag-uli. At bago makita kailanman ng Iglesya ang isang pagkabuhay na mag-uling Kapangyarihan, bago ko makita kailanman ang isang bagong pagmi-ministeryo na mangyayari, bago kayo kailanman makapapasok sa isang bagong pakikiisa sa Diyos, kailangan na may pagpapapako sa inyong sarili sa krus upang may dumating na pagkabuhay na mag-uli. Kinakailangan na mamatay tayo sa ating sariling mga pag-iisip, mamatay sa sarili nating mga gawi, mamatay sa lahat ng bagay sa paligid natin, sumuong sa mga pagsubok at kapighatian, nang sa gayon makita natin ang bagong pagkabuhay na mag-uli, isang bagong Buhay. Bago maging isang Cristiano ang isang makasalanan, kinakailangan na dumating muna ang kamatayan, pagkatapos ay isang pagkabuhay na mag-uli.

62 Bago nakita ni Abraham si Elohim, kinakailangan na may dalawampu't limang taon ng pagsusubok. Bago nakita ng mga binatilyong Hebreo ang Anak ng Diyos, kinailangan nilang pumasok sa isang nag-aapoy na hurno. Bago nakita ni Daniel ang isang Anghel, kinailangan niyang pumasok sa kulungan mismo ng mga leon. Bago nakita kailanman ni Job ang pagkabuhay na mag-uli, kinailangan niyang sumuong at mawaglit ang lahat ng mayroon siya; pero pagkatapos nga, sa pamamagitan ng pangitain, ay nakita niya!

63 At kung si Job sa pamamagitan ng isang pangitain ay nakayang tumayo nang matatag sa isang pangako, gaano pa kaya tayo, matapos na si Cristo'y bumangon mula sa kamatayan at naging Pangunahing Bunga ng mga nangatutulog, at isinugo pabalik ang Espiritu Santo bilang tatak ng pangako, sa atin, nang sa gayon tayo rin ay mabuhay. "Sapagkat Ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo!" Sa pagkakita sa Kanyang dakilang Presensya na nasa gitna natin, na kumikilos, ginagawa ang siya ring mga tanda't mga kababalaghan na ginawa Niya rito noon sa lupa, binibigyan tayo ng mga pag-asa. At sa pagdako natin sa pagkabuhay na mag-uli, hayan ba't mananatili tayo sa ibabaw ng bunton natin ng abo? Umalis na tayo ngayon mula sa bunton ng abo, kamit ang sariwang pangitain, kamit ang sariwang Kapangyarihan, kamit ang sariwang determinasyon na nakita natin ang Diyos sa Kanyang Kapangyarihan. Nakikita na natin ang pagkabuhay na mag-uli ng mga bagay na parating.

64 Heto tayo sa panahon ng kamatayan. Nakaupo na tayo sa may pintuan ng kamatayan. Ang mga bansa'y nasa mga pinto na mismo ng kamatayan.

65 Nakadiskubre ang Rusya ng bagong sandata, gaya ng narinig n'yo na sa radyo at doon. Hindi na nga nila kailangang lumusob pa rito at magpasabog ng bomba rito. Ang gagawin na nga lang nila'y dalhin 'yung maliit na bagay na 'yun dito, at ipasok 'yun ng kanilang mga espiya, at pasingawin 'yung munting bagay na 'yun sa kahit saang bansa, at ang lahat ng tao dun ay mapaparalisa nang dalawampu't apat na oras. Tapos saka pa lang lulusob, na sa pagkakaroon mo ng malay, may isang Ruso na tinatadyakan ka na sa inyong tagiliran, may isang malaking guwardyang Ruso na kinukubkob na ang tahanan mo, pinagsasamantalahan ang asawa mo, kinakaladkad ang mga anak mo sa kalsada, at kinukuha ang tahanan mo. Magagawa nga nila. Na hindi sila mawawalan ng kung ano. Mayroon na sila nun. Walang may alam kung ano 'yun. Kita n'yo, ang lahat ng bagay ay tumutugaygay na roon. Ngayon puwedeng-puwede nilang gamitin 'yun at wala silang takot na gawin 'yun, dahil wala namang iba pa ang mayroon nun.

66 Hindi natin wari kung paano 'yun darating, ano ang mangyayari. Pero isang bagay ang batid natin, na tayo'y nasa ibabaw na ng bunton ng abo. Ang bansa, ay nasa ibabaw na ng bunton ng abo. Ang mundo ay nasa ibabaw na ng bunton ng abo.

67 At dahil ang mundo'y nasa ibabaw na ng bunton ng abo, ikinagagalak ko na ang Espiritu ng Diyos ay dumating, at masasabi natin, "Talastas ko na ang Manunubos ko'y nabubuhay, at sa huling araw Siya'y tatayo sa ibabaw ng lupang ito!" Balang araw Siya'y darating! Hindi na nakapagtataka na isinulat ng makata:

> Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
> Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala;
> Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y ariing ganap nang walang bayad kailanman:
> Balang araw Siya nga ay darating—oh, araw na walang kasing ningning!

68 Kinailangan muna ng isang Getsemane, ng mga patak ng Dugo na umaawas mula sa Kanyang balat, bago 'yun. Haya't kinailangan ng walang-awa't kalunus-lunos na paghihirap sa Kalbaryo, bago dumating ang isang patunay ng isang Walang Hanggang Diyos Na kayang magbangon ng patay. Kinailangan ng—kinailangan ng isang Getsemane at isang Kalbaryo, para magbunsod ng isang Pasko ng Pagkabuhay. Tunay nga.

69 Ganoon na lamang ang mga alagad noon, nung umagang 'yun, nung sila'y labis-labis na pinanghinaan ng loob, na anupa't

nasabi ni Pedro, "Labis-labis na pinanghinaan ako ng loob, sa palagay ko babalik na lang ako sa pangingisda uli. Babalik na lang ako. Aking—aking nakita Siya."

70 Sila nga'y may malalaking pag-asa noon, at sumampalataya at lahat na, hanggang sa sumapit sa matinding pagdidilim ng lugar. Ano 'yung ginagawa roon ng Diyos noon? Dinadala Niya ang mga alagad sa ibabaw ng bunton ng abo. Dinadala Niya sila sa isang dako kung saan ang kanilang—ang kanilang pananampalataya'y kukumpirmahin sa kanila.

71 Tapos sabi ni Pedro, "Nasaksihan ko—nasaksihan ko Siya na nagpamalas ng dakilang mga himala sa Galilea. Pero, oh, nakahimlay na lang Siya roon, na patay, at malamig, sa loob ng libingan! Sa palagay ko magpupunta na lang ako sa dagat ngayong umaga at maghahagis ng lambat, at mangingisda na lang. Siguro maglalayag na lang ako roon sa dagat, at malalaman ko. Naalala ko noon nung makita ko Siya noong naghihintay Siya sa atin sa may pampang. Sa palagay ko pupunta na lang ako dun."

72 At 'yung iba pang alagad ang sabi, "Alam mo? Sa palagay ko sasama na lang ako sa iyo." Oh, ang lungkot nila. Umiyak sila nang umiyak na ang mga mata nila'y namumugto.

73 Siyanga't alam natin ang pakiramdam na madako sa kalagayan na ganoon! Siyanga't alam natin! Alam na alam natin ang ganoong mga bagay.

74 Naalala ko nung ilibing ko ang isang pinakamamahal doon sa libingan, sa ibabaw ng burol dun, na tinatawag na Eastern, o Walnut Ridge Cemetery. Kung paano kong hinimlay ang isang munting sanggol dun! At umiyak ako nang umiyak sa bisig ng nanay nun, hanggang sa, umiyak ako nang umiyak na di na ako makaiyak. Nagawa ko na mismo ang lahat ng nalalaman ko. Hanggang sa, kumuha na ako mismo ng isang baril, sinusubukan kong magpakamatay, nadako nga ako sa ganoong panahon. Doon nga sa oras na 'yun, sa loob ng munting silid na 'yun dun, sa pagkakaluhod ko, na ang Kalangitan ay nagbukas muli, at nakita ko ang asawa ko na nakatayo roon sa ningning ng walang kamatayan. Doon nga sa oras na 'yun naramdaman ko ang kanyang mga bisig na umakbay sa aking mga balikat, ang sabi, "Bill, hindi mo maapuhap. Nasa mas mabuti kaming kalagayan kaysa sa iyo."

75 Nakita n'yo, kinakailangan ng pagpapapako sa krus. Kinakailangan ng pagdurog sa bulaklak, para palabasin ang pabango mula roon. Kinakailangan ng pagdurog mismo sa buhay, para mapalabas ang pinaka mainam na mayroon doon. Yan ang dahilan kung bakit kinailangang madurog si Jesus, para mailabas kung ano mismo Siya. Hindi nga Niya maaaring sabihin bago ang pagpapapako sa krus, na sasabihin, "Lahat ng kapangyarihan ng Kalangitan at ng lupa ay ibinigay

sa Aking kamay." Ngunit pagkatapos ng pagpapapako sa krus, ay magagawa Niyang tumayo at sabihin, "Lahat ng mga kapangyarihan ng Kalangitan at ng lupa'y ibinigay sa Aking kamay!" Pero ano muna bago 'yun? Kinailangan ng pagpapapako sa krus unang-una.

76 Kinailangan muna ng pagdurog at pagkabigo ng mga alagad. Nakita muna nila ang kanilang Tagapagligtas, ang Isa na kanilang iniibig, at nakita muna nila Siya na magbangon ng patay mula sa—mula sa libingan. Nakita muna nila na gawin Niya 'yun. At pagkatapos sa isip-isip nila, "Hayun Siya roon na nakahimlay na lang, malamig, sa loob ng libingan, Siya, sa umagang ito." Kinailangan muna ng . . .

77 Sila na sumaksi na binuksan Niya ang mga mata ng bulag, sumaksi sa Kanya na tumayo roon at tinalos ang pinaka haka ng isip na nasa puso ng mga tao, "Papaanong di Niya natalos," sinasabi pa nga nila, "na kanilang tinutugis Siya? Papaano Niya natalos? Bakit hindi Niya nalaman si Judas, na ipagkakanulo—na ipagkakanulo Siya ni Judas? Bakit di Niya nalaman na ang mga kawal ay papaakyat na noon ng bundok, na may dala-dalang mga sibat at mga tabak at lahat na, para dakipin Siya, kung nagagawa naman Niyang tumalos ng pag-iisip?"

78 Kita n'yo, kumikilos sa kanila ang diyablo, inilalagay sila sa ibabaw ng bunton ng abo, dahil gusto nilang bigyan sila ng isang patotoo ng "talastas ko." (Hindi "sa pakiwari ko" o "siguro nga'y ganoon.") "Talastas ko! Talastas ko!"

79 At alalahanin n'yo, ang mga pagsubok na 'yun ay dinadala sa inyo sa siya ring paraan, nang sa gayon hindi n'yo masabi, "Buweno, siguro naman tama Ito, siguro tama naman ang Kasulatan, siguro tama naman ang Makalangit na pagpapagaling, siguro tama naman ang Espiritu Santo." Bagkus kapag nakamit n'yo na mismo ang karanasan na 'yun at nakaalis na mula sa bunton ng abo, at makamit ang kapahayagan ng Diyos, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, ay magagawa n'yong sumigaw, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay, dahil Siya'y nabubuhay sa akin!"

80 Sabi ni Pedro, "Manginigisda na lang ako." Sabi ng mga alagad, "Siguro nga'y sasama ako sa iyo." At hayun nga sila sa ibabaw ng bunton nila ng abo, doon mismo sa gitna ng dagat, at tuluy-tuloy pa rin ang pagkabalisa. At nauulinigan ko nga na sinasabi ng isa sa kanila, "Oh, papaanong ganoon ang nangyari, Pedro? Papaano nga mangyayari na ang isang Tao na katulad nun ay mamamatay? Papaano nga mangyayari na Siya'y ilalagak dun sa libingan gaya ng ginawa sa Kanya? Papaano nga na nagpaubaya na lang Siya na maduraan sa Kanyang mukha at haltakan pa ng balbas, patungan ng koronang 'yun sa Kanyang ulo? Papaano nga na hinayaan Niya lang 'yun, oh, at manatili pa ring Diyos? Hindi ko nga maintindihan." Oh, grabeng pagkabigo!

81 Tapos bigla na lang, napalingon sila sa may pampang, katulad na lang kung papaano dumating kay Job ang siya ring kapahayagan, doon nga'y nakita nila ang nakita ni Job apat na libong taon bago 'yun. Doon nga'y nakatayo ang Manunubos, buhay at sariwa, nakatayo sa may pampang. Na may sinindihang apoy, at isda na niluluto roon nang paganoon, at nagsabi, inanyayahan sila.

> Si Jesus ay may hapag na inihain kung saan ang mga banal ng Diyos ay pinakakain,
> Mga hinirang Niyang tao'y Kanyang ipinamamanhik "Halina kayo at kumain;"
> Sa Kanyang manna Kanya silang pinakakain at tinutustusan ang bawat kakailanganin;
> Oh, sadya ngang, kaysarap kasalo si Jesus palagi!

Papaano nga natin maiisip, na papaano nga't kinailangan mangyari ang matitinding bagay na 'yun!

82 Papaano nga na, si Pablo na apostol, ang dakilang apostol na sumuong mismo sa panahon niya ng kaguluhan noong sumaksi siya sa kamatayan ni Esteban, at nakita ang munting mukha nito na nakatingin sa Langit, at ang mga bato'y tumatama sa mukha nito, at tumingala ito at sabi nito, "Nakikita ko ang Kalangitan na bumubukas. Nakikita ko si Jesus na nakatayo sa kanan ng Diyos." Sabi ni Esteban, "Panginoon, huwag Mo pong iparatang sa kanila ang kasalanan na ito." At si Pablo habang hawak-hawak ang mga balabal, na nagsadlak sa kanya roon nang ilang linggo sa ibabaw ng bunton ng abo, ay paroo't parito ang lakad; anupa't, ang isip niya'y masalaula, hanggang sa siya'y papunta sa daan niya pa-Damasco, para subukang makawala sa kalagayan na 'yun, katulad ng isang lalaki na ang binabalingan ay bote ng wiski, sinusubukan na lunurin ang kanyang kalungkutan.

83 Nasa kalagitnaan siya nun, noong dumating ang isang Tinig mula sa Langit, isang malaking nagliliwanag na Ilaw na ang sabi, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako inuusig?" Nakita niya Siya. Nakilala niya Siya, na Siya ang nabuhay na mag-uling Jesus, Yaong nakita niya na namatay, na binangon muli.

84 Oh, naaalala ko nga ang sarili kong buhay, sa daan ko patungo sa pagkasira, noong marinig ko ang matimyas na Tinig na 'yun, "Ako si Jesus. Dati Akong patay, ngayon Ako'y nabubuhay kailan pa man. Sapagkat Ako'y nabubuhay, ay mabubuhay ka rin." Mula nung sandali na 'yun, sa pagpapatong ko ng aking kamay sa Kanya, Siya'y pinagkakatiwalaan Ko na sa pagsuong sa madidilim na mga dako. Sa panahon na di ko makita, kung saan ba ako patungo, patuloy ko pa rin Siyang pagkakatiwalaan.

85 Bawat Cristianong mananampalataya ay kinakailangan na maitulak sa mga pagsubok na 'yun. Bawat mananampalatayang Cristiano ay kinakailangan na mailagay sa bunton na 'yun ng abo, nang sa gayon lumabas siya roon na may kamit nang karanasan, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay!"

86 Hindi po tayo pumaparito sa umagang ito na basta na lang mauupo at pag-uusapan ang ilang bagay sa kasaysayan, na lahat nama'y pawang katotohanan, pero nagtutungo nga tayo rito kamit ang isang patotoo sa umagang ito, "Talastas ko na si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos, Talastas na talastas ko ito na wala ngang anino man ng pagdududa! Talastas ko na Siya'y nagbangon mula sa patay, at Siya'y nabubuhay sa akin sa araw na ito. Siya'y akin at ako'y Kanya. Ako'y tagapagmanang-kasama Niya, sa Kaharian ng Diyos."

87 Pasko ng Pagkabuhay! Nagbubunsod ang Pasko ng Pagkabuhay ng isang dakilang bagay, isang pagkabuhay na mag-uli, isang bagong pag-asa. Nakamit n'yo na ba ito sa umagang ito? Nariyan na ba ito sa puso n'yo? Natatalastas n'yo na ba na ang inyong Manunubos ay nabubuhay, at ibinubunsod Niya na ang lahat ng mga bagay ay gumawa nang magkakalakip-lakip?

88 Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, heto po akong nakaupo rito, hinihintay ang pila para sa pananalangin."

89 Ang Diyos nga'y ganap na isasagawa 'yan para sa ikabubuti. Bakit nga ba ang kalugud-lugod na munting batang lalaki na 'yun, nung isang araw, ay pinaging bulag noong ipanganak siya? Upang mauwi nga ang lahat ng kaluwalhatian sa Diyos at pabalikwasin sa mangha ang siyudad. Tunay, alam na alam ng Diyos ang Kanyang ginagawa. Alam ng Diyos. At inilalagay Niya tayo sa bunton ng abo, upang ipakita sa atin ang Kanyang kaluwalhatian.

90 Kaya, sa umagang ito sasabihin ko ito, kaibigan. Matapos ang tatlumpu't isang taon sa pagmi-ministeryo, matapos ang tatlumpu't isang taon ng pagpapagal sa pagmi-ministeryo, nais kong magpatotoo tungkol dito. Sumaksi ako mismo sa mga kabiguan. Pinagdaanan ko 'yung panahon na humiling ako ng mga bagay-bagay, at iniyakan ang mga bagay-bagay, at nagsumamo para sa mga bagay-bagay, at nabigong makuha ang mga ito. Pero kung magtitiyaga lamang akong maghintay sa Diyos, kung ganoon batid ko na mapangyayari 'yun nang sadyang ganap, lilitaw nang sadyang ganap, eksaktong ganoon ang nangyayari.

91 Noong mawaglit ko ang aking anak na sanggol, ang aking munting Sharon, ako . . . isa 'yun sa mga nagpatisod sa akin. Sabi ko, "Papaano 'yun mangyayaring para sa ikabubuti? Papaano mangyayari na para sa ikabubuti 'yun?" At pagkalipas ng ilang

buwan, noong makita ko ang anak kong sanggol na nakatayo roon sa buong kagandahan ng isang kabataang babae, na kinakausap ako, nakatayo sa tabi ng sirang lumang kalesa, doon, alam ko, na kung siya'y nabuhay pa, maaari siyang maging masama. Kinailangan ng Diyos na kunin siya habang siya'y musmos at kalugud-lugod pa. Alam ko na makikita ko siyang muli. Alam ko na makikita ko siya, alam na alam ko lampas sa anino ng anumang pagdududa.

92 Iniisip ko ang asawa ko na dalawampu't dalawang taong gulang lang, na kinuha, batang-bata pa, isang munting nanay pa noon. Mangyari nga na noong iulat ng pahayagan 'yun dito, "Isang batang-bata pang nanay, reverend . . ., ang namatay," oh, grabe nga ang pagdurugo ng aking puso! Hindi ko alam ang gagawin ko.

93 Pero ngayon batid ko na ang lahat ay naglalakip-lakip na gumagawa para sa aking ikabubuti. Alam ko na ang buhay ay kailangang madikdik, at mapilipit, at mapiga, para makuha kung ano ang nasa loob nun, palabas. Lamang na lamang ang pagka-Branham dun, kaya kinailangang mapiga 'yun palabas bago ihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili na mapagkilanlan.

94 Lamang na lamang kayo sa loob n'yo, na anupa't kinakailangan pigain 'yun ng Diyos palabas, sa pamamagitan ng mga pagsubok. At habang nagaganap ang pagpipiga na 'yan, grabeng hirap nga. Pero pagkalipas ng ilang panahon, lumilinaw ang alapaap, haya't nakikita n'yo na ang layunin ng Diyos. Pagkatapos mapapasigaw kayo, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay, at sa huling mga araw Siya'y tatayo sa lupa! Gayong sirain man ng mga uod ang katawan na ito, sa aking laman ay makikita ko ang Diyos!" Itong mumunting mga pagsubok at mga bagay-bagay ay panandalian lang, at kukupas din ito at lilipas. Mangyari nga na ipinahihintulot lang ito para sa inyong ikabubuti, pagkatandaan nga natin 'yan, nang sa gayon mauwi sa Diyos ang kaluwalhatian.

95 Maaari ba natin iyuko ang ating mga ulo pansumandali. Nais kong tanungin, bago manalangin, mayroon po ba rito na nais maalaala sa pagdulog na panalangin bago tayo magtapos? Pagpalain kayo ng Diyos. Ilan po dito ang magsasabi, "Ninanais ko ang Diyos, sa oras na ito ng pagsubok ko ngayon, na pagkalooban ako ng bagong karanasan, na ako'y makalantad na panibago muli"? Itaas n'yo ang kamay n'yo, sabihin, "Ninanais ko—ninanais ko ito na maging isang pagkabuhay na mag-uli para sa akin, isang Pasko ng Pagkabuhay, para buhaying mag-uli sa akin ang bagong mga pag-asa at bagong mga kapangyarihan, bagong kalusugan at bagong kagalakan." Pagpalain kayo ng Panginoon, minamahal kong mga kapatid.

96 Oh, aming Diyos at aming Tagapagligtas, kami po'y lubos-lubos ang pasasalamat sa Iyo para sa Pasko ng Pagkabuhay na ito, dahil sa kahulugan nito sa aming mga puso. At sa

pamamagitan ng pananampalataya, doon sa ibayo, sa ibayo ng lupain, nakikita namin ang Pagparito ng Panginoong, Jesus, habang Kanyang inihahanda ang Kanyang Sarili ngayon, sinusuot ang Kanyang pang-haring mga damit. At, isinusuot ng Iglesya, isinusuot ng Nobyo sa Kanya ang damit pangkasal. May napipintong dakilang pagkikita malapit na.

97 Hindi mananatili kailanman ang bunton na ito ng abo. Kapag naririnig namin ang mga tao na nagtatawanan, nililibak kami, at ibinabansag sa amin ang pagpapahiyang pangalan na "mga holy-roller," at nililibak kami, at sinasabi na wala kami sa tamang pag-iisip, oh, hindi nga 'yan mananatiling laging ganyan, Panginoon. Pero maibunsod nawa kami na maging tulad ni Job, na panghawakan ang aming patotoo, maibunsod nawa kami na maging gaya ni Daniel, o ng mga binatilyong Hebreo sa nag-aapoy na hurno, o ni Abraham sa kanyang paglalakbay noon.

98 Iyo pong tulungan kami, Oh Panginoon, na makatayo nang totoo hanggang sa makita namin ang dakilang bagay na 'yun na maganap, "Kapag tumunog na ang pakakak, at ang mga patay kay Cristo'y babangon; kami na mga nabubuhay at mga natitira ay babaguhin, sa isang iglap, sa isang kisap ng, mata." At pagkatapos darating ang Pagkabuhay na 'yun para sa amin, na tinamasa ni Cristo mga labing-siyam na raang taon ang nakararaan sa umagang ito, at nagsabi, "Sapagkat Ako'y nabubuhay, ay mabubuhay rin naman kayo."

99 "Itong siya ring Jesus, na pumailanlang sa kalagitnaan namin, ay babalik gaya sa paraan ng Kanyang pagyao." Makikita namin Siya, maging ang mismong pilat sa Kanyang kamay at bawat bakas ng tinik sa Kanyang ulo. Makikita namin Siya.

> Oh, makikilala ko Siya, makikilala ko Siya,
> At sa pagkatubos ako'y titindig sa Kanyang tabi.

100 Siyanga, Panginoon, ang maralita kong puso, habang ang mahina kong katawang ito ay nagsisimula nang bumaluktot pailalim sa kabigatan, hayan po ang mga asikasuhin at mga pagpapagal sa dako ng pag-aani, sa dako ng pagmi-misyon, at ang mga katagumpayan at kabiguan, at ang kawalan ng interes sa kalagitnaan ng mapagmataas na mga ministro, at iba pa, sa lahat ng dako, at ang panunuya ng mga tao, at masasamang kapangyarihan. Pero, Oh Panginoon, balang araw kami'y dadako gaya ni Elias, doon sa ilog; tatanaw sa dako roon, nakatali sa bawat palumpong, isang karwaheng apoy na dadalhin kami palayo. Iyo pong ipabatid sa amin na ang mga bunton na ito ng abo ay pawang mga tabing lamang na ikinukubli kami mula sa malaking bagay na nasa unahan lang, ang malaking kaluwalhatian.

101 Nawa makapanatili kaming tapat gaya ni Job, hanggang sa makita na namin Siya, nang mukhaan. Nawa kami'y maging tapat gaya ng aming Panginoon, na aming ehemplo, sa pagdako sa Kalbaryo ay. . . handang mapako sa krus, at mapako kasama Siya, nang sa gayon ay magkaroon ng pagkabuhay na mag-uli sa aming buhay. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

102 Nawa, kung may mga manunuya na narito, na gaya ni Pablo noong una, na nanlilibak, nawa po'y masumpungan nila ang Pasko ng Pagkabuhay sa daan nila pauwi sa umagang ito. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

103 Dalangin namin, Panginoon, na sila na naroon sa bunton ng abo ng pagkawasak, bunton ng abo ng karamdaman, na nawa itong oras na ito ang maging sandali na sila'y mapalaya.

104 Kagabi, sa pakikipag-usap ko sa munting babae na 'yun sa trailer, at sa asawa niyang lalaki; kung papaanong doon sa Phoenix, sila'y nasa malubhang kondisyon noon, at ang naglalakihang kanser na 'yun ay tadtad sila nun noon, pero ngayon ay ganap na magaling na't normal na. At 'yung munting sanggol na handa na sana noong operaha't tanggalan ng puso, ay nakaupo rito sa loob ng gusali sa umagang ito, na normal, magaling na. Hayan din ang isang munting batang lalaki na dati'y lumalakad sa kadiliman at di kailanman nakikita ang liwanag ng umaga, hayan nga na nakakapaglakad na ngayon at nakikita na ang liwanag ng umaga. At, Oh Diyos, lubos-lubos po ang pasasalamat namin sa Iyo para rito! At lahat nga'y nakatuon na sa likod ng tabing, sa dakilang araw na 'yun ng pagkabuhay na mag-uli. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. At ipabatid sa kanila na ang mga bagay na ito ay marapat lamang na mangyari, nang sa gayon ang mga ito: ang munting batang lalaki'y makakita, na ang munting sanggol na may problema sa puso'y makapaghatid ng patotoo para sa iba. Lahat ng mga bagay na ito'y gumagawa nang may paglalakip para sa ikabubuti nila na mga umiibig sa Iyo.

105 Lahat po ay pinaging posible sa amin dahil may Isa na masunurin sa pagsubok, may Isa Na nanaig sa pagsubok, 'yun nga'y si Jesus. Siya Yaong lubos na masunurin sa Ama, na anupa't ibinangon Siya ng Ama sa umaga na 'yun ng Pasko ng Pagkabuhay, dahil hindi maaari na Siya'y pigilin ng kamatayan. "Sapagkat hindi Ko iiwan ang Aking Banal na Yaon na makakita ng kabulukan, ni iwan Ko man ang Kanyang kaluluwa sa impyerno." Sapagkat, Siya'y nasumpungan na tapat, laging ginaganap ang bagay na kalugud-lugod sa Ama.

106 Diyos, nawa kami man ay maging matapat sa iniatang sa aming tungkulin. Kahit na ano pa ang aming mga pagsubok at aming mga suliranin, ano pa man, nawa po'y masabi namin, sa tuwina, "Batid ko na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip-lakip na gumagawa sa kanila na umiibig sa Diyos." Iyo pong ipagkaloob, Ama.

107 Itinatagubilin namin sa mga taong ito sa umagang ito ang Iyong mga pagpapala. Nagtungo sila rito nang maaga pa mula sa kani-kanilang mga pinanggalingan, nagpunta sila rito sa tabernakulo. Nagpunta sila upang makakuha ng kaaliwan. Nawa'y umuwi sila sa umagang ito, kamit ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo na nag-aalab sa kanilang mga puso, na maglalakad sa daan gaya nila na mga taga-Emmaus, na nagsasabi, "Hindi baga't ang mga puso nati'y nag-aalab sa loob natin, habang Siya'y nakikipag-usap sa atin sa daan?" Iyo pong ipagkaloob, Ama. Akin ngang itinatagubilin sila sa Iyo ngayon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

Sige po, Kapatid na Neville. At ngayon alalahanin n'yo ang mga gawain.

108 Hindi po tayo gagamit ng mga prayer card sa umagang ito, dahil po, kung gagamit tayo ng mga prayer card, kapag patatayuin ko ang mga tao rito gaya n'yan, mananangan pa rin ako sa kaloob na 'yun. Kinakailangan kong makadako sa kalagayan na 'yun na maisasantabi ko 'yun, na ako'y makakapaglakad dito at magagawang. . .Natatakot po ako. Tila natatakot ako, at natatakot ako na baka ako magkamali. Ang matalo po sa sagupaan, ay di ibig sabihin natalo na sa digmaan. Si Patton po'y natalo sa ilang sagupaan, pero hindi siya natalo sa alinmang digmaan. Siyanga. At tayo man ay matatalo sa maraming mga sagupaan, din, pero hindi tayo matatalo sa digmaan. Maaari akong makagawa ng maraming mga pagkakamali, pero di ibig sabihin ay nawaglit ko na ang Layon. Ibinigay 'yun ng Diyos, at ang Diyos ang mag-iingat nun. Ito'y—ito'y pahid. At ngayon oras na, sa tingin ko po'y oras na, at sisimulan ko na, yamang ngayong araw ay Pasko ng Pagkabuhay, Ako po'y—ako po'y lalakad lang dun gaya ng ginagawa ko noon na nananalangin para sa mga maysakit. At kung magagawa kong. . .Ito po'y pahid. May bagay na kailangang mangyari sa kaibuturan ko. Hindi pa ako sanay rito. Darating nga ito sa paraan, na marahil hindi ko agad-agad matutukoy, pero kinakailangan ko ngang magpatuloy lang dun hanggang sa malaman ko na ito sa tuwina. Kaya ito po 'yung araw na susubukan ko ito, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

109 Pagpalain kayo ng Panginoon ngayon. Kapatid na Neville. At ang mga gawain po'y magsisimula nang alas nuwebe y media. Kapatid na Neville.

*Talastas Ko* TAG60-0417s

(I Know)

Serye Ng Mga Mensahe Para Sa Pasko Ng Pagkabuhay

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng Pagkabuhay sa oras ng pagbubukang-liwayway, Abril 17, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org